

1

Yasmin's POV

May nakita akong batang lalaki na umiiyak sa may ilalim ng puno. Nilapitan ko siya at saka ko niyakap nang napakahigpit. “Bakit ka umiiyak bata?” sabi ko na lang sa kanya habang hinahagod ko ang kanyang likod. Tumingin naman siya at saka nagsalita, “Matagal na kitang hinihintay.”

BLAG!

“ARAY!” hinimas ko ang puwet ko. “Siya na naman ang panaginip ko,” sabi ko habang patayo ako. “Sino kaya siya?”

Nakarinig ako ng yabag ng mga paa at nagulat na lang ako na biglang bumukas ang pinto.

Iniluwa niyon si Pat. “ANO NA NA—” Naputol ang sasabihin niya nang makita niya akong nakaupo sa sahig. “NAKU! KALAKI-LAKI NA NGA NG KAMA, EH. MAKALUTO NA NGA LANG ULIT!”

“O, tingnan mo nga itong babaeng ito! Nahulog na nga ako, eh!” pasigaw kong sabi habang pababa siya ulit.

Siya nga pala, ako si Jane Yasmin Rodriguez. Ang madalas na tawag sa akin ay Jaja. Labing pitong taong gulang pa lang ako, nasa first year college sa kursong Fine Arts. Ugali ko raw? Mabait, kuwela. May pagkamasungit din ako. At magaling mag-drawing. Ang tanging hindi nabigay sa akin ay ‘yung sexy na katawan. Bakit ko nasabi ‘yun? 250 pounds lang naman ho ako. Malalaki ang braso at mga binti at syempre, may bilbil sa tiyan.

Bumaba na ako para makakain na ng agahan. I’m sure

nagluto na si Pat ng almusal.

“Hoy, babae, ang sungit mo kanina, ah! Meron ka ba?” sabi ko habang umuupo.

“AY NAKU! ‘KALA KO NAMAN KASI KUNG ANO NA NAMAN NANGYARI SA ‘YO!’” sabi niya. At aba’t nakapamengwang pa ang bestfriend ko.

Siya si Patricia Mae Hernandez a.k.a Pat. Sexy siya at mabait. Mayaman din tulad ko.

In short, perfect na siya para sa mga boys na nagkakararapa sa kanya. Pero wala siyang sinasagot doon. MATON kaya siya! Hahaha. JOKE LANG!

Nasa first year college din siya, Fine Arts din ang kurso. Magka-section nga kami, eh. Buti naman! Magkasama kami sa iisang bahay, malapit ito sa school namin. Pinakiusapan namin mga parents namin na bubukod kami ng tirahan, para magsanay na maging independent. Kaya naman kasi namin dahil kahit mayaman kami at laking yaya, marunong kami sa mga gawaing-bahay.

“Naku, kita mo nga, ang lusog-lusog ko pa kaya ‘wag ka nang mag-alala at ‘tsaka ‘wag kang sumisigaw,” sabi ko.

“OO NA! Nag-alala lang ako!” Sweet naman nitong bestfriend ko.

Sa aming dalawa ay ako ang mas masakitin. Alam mo ‘yung ambon lang nagkakaralagnat na.

“Sweet naman! Halika na at gutom na ko! Baka ma-late pa tayo, first day of school pa naman.” Hinain niya na ‘yung niluto niyang sinangag, hotdog at itlog. “WOW! Sarap naman nito!” sabi ko habang kumukuha ako ng hotdog.

“Hep hep hep! DIET MO!” pang-aasar ng kaibigan ko habang sumusubo na ako ng pagkain.

“Tse! Walang diet-diet ngayon!” Subo kung subo lang ako! Keber ko sa kanilang lahat basta ako busog! Hahaha!

Nang matapos na kaming kumain at mag-ayos ay pumasok na kami agad. Kotse lang ni Pat ang ginamit namin para tipid kami sa gas. Mga ilang minuto lang ang biyahe mula rito sa bahay namin papunta sa school kaya mabilis kaming nakarating sa parking lot ng aming eskwelahan.

“O, halika na. Sa second floor ‘yung room natin.” Nakatingin si Pat sa Student Record niya.

Napabuntong-hininga na lang ako. ‘Eto na naman. Mauulit at mauulit na naman ‘yung mga bully sa buhay ko. Tingnan mo naman ako, ‘no? May pakeber-keber pa ko kanina biglang takot ma-bully. Lokaret naman talaga ako. Hays.

“O, paalala ko lang sa ‘yo. ‘Wag kang makikipag-away at first day natin,” paalala sa akin ni Pat. “Kaya natin ito.”

Paano ba naman, parati kaming naga-guidance noong high school sa kadahilanang may nasusuntok akong mga estudyante dahil sa pang-aasar sa akin. Lumabas na kami ng kotse at nakarinig na ako agad ng bulung-bulungan.

“Wow! May baboy na palang tumatayo.”

“Ang taba-taba naman niyan.”

“First time sa campus na may ganyan kalaking katawan.”

“O, tingnan mo, ganda ng kasama nagmumukhang ting-ting pag kasama ‘yung matabang babae.”

“O, lakad na tayo,” saway sa akin ni Pat. Napansin niya sigurong nakaayos na ang kamao ko at handa na silang lapitan.

Tiningnan ko na lang sila nang masama! O, mga walanghiya, nagsibalikan sa mga pinaggagagawa naman nila. MGA DUWAG!

Lumakad na kami ni Pat at nagtitimpi lang akong huwag magsalita patungkol sa tsismisan at bulungan. At kulang na

lang kainin ako nang buhay sa mga titig nila. Ganoon din ang nangyari nang makarating kami ng klasrum namin.

Naghanap na kami ng vacant seats ni Pat. Saka pumasok ‘yung magiging professor namin para sa subject na iyon. Isa siyang babae na nasa mid-30s na siguro.

“Okay, Class. Bago tayo magsimula, ‘eto ang bond paper. Mag-drawing kayo ng kahit ano na nagre-represent sa inyo. This is for introduction,” sambit ng professor namin.

“*Baduy naman, Ma’am!*”

“*Ew!*”

“*Pang-bata lang yan, Ma’am, eh.*”

Ang aarte naman ng mga ito. Fine Arts kami di ba? Eh, magdo-drawing talaga kami. Ay naku!

“Kung hindi kayo interesado, you may go out now. I’ll make your final grade now. ZERO ang ilalagay ko. Understand?” sabi ni Ma’am na nakakunot pa ang noo.

WOW! Sungit naman ni Ma’am, pero buti nga sa kanila! Hahaha! Matapos ang palugit ni Ma’am na 30 minutes ay nagsimula na ang introduction namin. Drinawing ko ay night sky, may mga bituin at buwan. Kay Pat naman ay araw. Marami nang nakapagpaliwanag at turn na ni Pat ngayon.

“First of all, I’m Patricia Mae Hernandez. Just call me Pat for short. Drinawing ko ‘yung araw dahil parati akong nagpapaalala sa mga mahal ko sa buhay na just keep moving forward for a brighter day tomorrow.”

“Good job, Miss Hernandez. Next please,” sabi ni Ma’am sabay tingin sa akin.

Okay ako na! Tumayo na ako.

Biglang may sumabat, “*Dapat baboy ‘yang drinawing mo, eh.*”

Woo! Kung wala lang si Ma’am, eh, makakapatay na ko

ng tao! Kanina pa ‘yan, eh! Pagpasok ko, pag magsasalita na si Ma’am, ‘tapos ngayon? Ano bang pangalan niyan? Niko? Kapal ng mukha niya, ah! Pasalamat siya nasa pinaka-unahan siya.

“Sorry, ah. Bakit? May problema ba sa drawing ko? Eh, ‘yung sa ‘yo? Buti hindi butiki yang drawing mo.” Ayan nakapagsalita na ko!

Drinowing niya kasi relo dahil parati raw siyang on time, time is gold daw! UTOT niya! Nagtawanan naman ‘yung mga klasmeys namin.

“Aba’t—” Magsasalita pa sana si Niko nang biglang sawayin siya ni Ma’am.

“Enough! Go ahead, Miss...?”

“Thank you po, Ma’am. Anyway, I’m Jane Yasmin Rodriguez. Drinowing ko po ito, dahil napakadilim ng nakaraan ko, puro asar dito, asar doon, hindi ko man lang naipapakita sa iba kung sino talaga ako. Pero itong mga stars at moon, ito ‘yung mga naging kaibigan ko na handang magbigay-liwanag sa kadiliman at ipaalala sa akin na nandyan lang sila para sa akin,” paliwanag ko.

“Nice, Miss Rodriguez. I’m impressed,” nakangiting sabi ni Prof sa akin.

“Thank you, Ma’am,” sambit ko sabay upo.

“*Pakulo lang ‘yan,*” sabat ni Niko.

Sumabat pa talaga! NAPUPUNO NA ko!

Tatayo na sana ako nang biglang hawakan ako ni Pat sa braso. “Tama na, Ja, mamaya na yan. Tayong dalawa ang susugod,” nakangising sabi sa akin ni Pat.

Napangiti na lang ako at umupo. Pag ganoon na kasi si Pat ay ibig sabihin ay galit na talaga siya.

Tinawag naman ni Ma’am ‘yung lalaking nasa may likuran

ko lang. Tumayo ito at ang drinowing niya ay isang batang babae na mataba. Hindi specific na mukha pero nag-drawing lang siya ng figure na mataba. Kaya ko nasabing babae kasi naka-ponytail ito at nakapalda.

“I’m Justin Buenaventura. Hindi bagay itong drawing ko sa personalidad ko pero itong taong ‘to ang nagturo sa akin na maging matapang simula noong bata pa lang ako.” Umupo na siya at lahat ay tumahimik.

Ilang saglit pa ay nakarinig ako ng bulung-bulungan. Para namang di bulong. Rinig ko, eh.

“Ang gwapo niya, ‘no?’”

“Oo nga.”

“What the hell is that drawing? Oh, well, pwede natin ‘yan maging tropa. Gwapo din, eh.”

WOW! Kapal! Mataba rin naman iyong drawing, ah. ‘Tapos ako, makaasar sila wagas! Pero totoo nga, gwapo siya. Wah! Ano bang pinagsasabi ko? Ay naku!

Sumunod naman yung katabi niya. “Hi! Ako nga pala si Abel James Quintos,” sabay kindat sa mga kababaihan. Kaloka pero gwapo naman talaga siya. “Drinowing ko ay isang ulap. Puno kasi ako ng pag-asa.”

Hanudaw?

“Wow ang gwapo-gwapo niya!”

“I’m in love!”

“Kisig niya. My gosh!”

Mga hearthrob ‘se. Period No Erase. AY HINDI-HINDI, ERASE PALA!

Sumunod naman ‘yung katabi ng lalaking hindi ko maintindihan ang explanation. “I’m Henry Gomez. I drew nothing. Kasi nga hindi ko pa alam kung ano ako sa mundong

‘to.’ Parang sumasakit ang ulo ko sa explanasyon ng dalawa?

“Wow, ang gwapo-gwapo din niya!”

“I’m in love na naman!”

“Kisig-kisig niya.”

Napapa-awang na lang ‘yung bibig ko sa sinasabi nila. Ang weird nilang lahat! Nang matapos na ang introduction, binigyan na kami ng assignment na mag-drawing kami ng isang bagay na memorable sa amin para i-explain sa harap ng klase. Umalis na si Ma’am at nagsimula nang umingay ang mga klasmeys namin.

“Tara, kain tayo. Maya pa naman ang next class.” Nakatingin ulit si Pat sa Student Record.

“Tara. Sumakit din ulo ko, eh. Wagas lang maka-explain ang iba, eh,” sabi ko naman.

Akmang aalis na sana kami ay biglang may sumabat lang. “Wow kakain na agad ang Miss Baboy ng klase,” sabi ni Niko—ay hindi ANNOUNCE lang naman niya—ang pinakanakakaasar na klasmeyt ko.

At take note, ho! First day pa lang ng school, ah, ‘tapos ganito na agad ang inis ko sa kanya. Nagtawanan naman ang lahat sa sinabi niya.

“Halika na nga, Ja, at baka matusok pa tayo dito. Mukhang palito ng posporo ang mukha kasi, eh,” pang-aasar ni Pat dito.

Tatalikod na sana kami kaso nagsalita uli si Palito, ay este, si Niko. “Aba’t ang kapal ng mukha ninyong dalawa. Para sabihin ko sa inyo, gwapo ako. Hindi ako butiki o palito ng posporo. Eh, kayo? Tiktik at baboy. Number 10. Magsama kayo. Ang papangit naman ninyo,” announce niya sa room.

Oo, talagang malakas ang pagkasabi niya at wala na. Kung kanina kasi nasa kalahati ‘yung pagka-inis ko sa kanya, ngayon napuno na. Galit na talaga ako.

“TANG*** NAMAN, O!” Hinawakan ko siya sa kwelyo niya at inangat iyon. “WAG NA ‘WAG MO KONG GAGALITING BUTIKI KA! BAKA GUSTO MONG MADUROG ‘YANG PAGMUMUKHA MO AT FOR YOUR INFORMATION, ‘WAG NA ‘WAG MONG IDADAMAY ITONG KAIBIGAN KO SA PAMBABASTOS MO SA ‘KIN!” Tinanggal ko ang pagkakahawak sa damit niya. Tumalikod na ko pero pinigilan ako ni Niko.

Mukhang hiyang-hiya siya dahil pinagtatawanan na siya ng mga klasmeys namin na wala pala raw siya sa akin. Nakita kong namumula na ang mukha niya at handa na siyang suntukin ako. Nakahawak siya nang mahigpit sa braso ko at gulat ko na lang kaya di na ako makagalaw sa pwesto ko. Napapikit na lang ako at saka ako nag-antay ng tatama sa akin pero naka-ilang segundo na yata ay wala pa rin akong nararamdaman sa mukha ko.

Ano’ng nangyari? Napadilat na lang ako nang biglang may ibang tao na sa harap ko. Lalaki? Oo, lalaki. Pinigilan niya ang suntok ng Butiki, ay este, ni Niko na ‘yan!

“Pare, baka nakakalimutan mo babae din ito. ‘Wag kang bastos,” sabi ng lalaki. Kung hindi ako nagkakamali si Abel James Quintos ito.

Napa-*tsk* lang si Niko at saka umalis. Humarap naman si Quintos sa akin nang nakangiti? Oh, well, ang gwapo nga. HA! ERASE ERASE!

“Okay ka lang, Ja?” tanong sa akin ni Pat. Napupuno na ng luha ang mata niya.

“Oo, okay lang ako,” nanginginig na sabi ko. Well, natakot din kasi ako, eh. Hays. “Salamat,” sabi ko kay Quintos.

Ngumiti lang siya sa akin at umalis kasama si Henry at ‘yung si Justin.

“Halika na,” aya ko kay Pat.

Buti na nga lang talaga at napigilan ni Quintos si Niko kung di ang first day in college namin ni Pat ay magiging disaster.

James' POV

Natapos na rin ang klase. Ang boring naman kasi, eh, papakilala pa. Aalis na sana kaming tatlo nina Henry at Justin nang biglang may narinig ako. Napalingingon na lang ako at nakita kong nag-uusap-usap 'yung tatlong klasmeyt namin.

"Aba't ang kapal ng mukha ninyong dalawa. Para sabihin ko sa inyo, gwapo ako. Hindi ako butiki o palito ng posporo. Eh, kayo? tiktik at baboy. Number 10. Magsama kayo. Ang papangit naman ninyo," sigaw ni Niko.

Nakita ko na kausap niya 'yung bago lang dito sa university na ito. 'Yung matabang babae at saka 'yung parati niyang kausap kanina.

"TANG*** NAMAN, O!" sabay hawak n'ung una sa kwelyo ni Niko, ang hari ng mga bully dito sa school na 'to.

Dati pa kasi kaming classmates simula high school at hanggang ngayong college.

'Yung ibang narito sa klase ngayon, mga bagong mukha. Ang dami ding nawala sa section namin.

**"WAG NA WAG MO KONG GAGALITING BUTIKI KA!
BAKA GUSTO MONG MADUROG 'YANG PAGMUMUKHA
MO AT FOR YOUR INFORMATION! 'WAG NA 'WAG MONG
IDADAMAY ITONG KAIBIGAN KO SA PAMBABASTOS MO
SA 'KIN!"**

Napangisi ako. Ang tapang din ng babaeng 'to, ah. Nakita kong tumalikod na ito pero pinigilan siya ni Niko. Akmang susuntukin niya na 'yung babae pero napapikit lang ito.

"SHIT!" Tumakbo ako sa pagitan nila at pinigilan ko ang

suntok ni Niko. “Pare, baka nakakalimutan mo babae din ‘to. ‘Wag kang bastos,” sabi ko na lang at sinamaan ko siya ng tingin.

“Okay ka lang, Ja?” tanong ng Patricia ba ‘yun? sa kaibigan niya na si Jane. ‘Yun ang pagkaka-alala ko sa pakilala nila sa amin kanina.

“Oo, okay lang ako.” Nanginginig at mukhang natakot naman ang tinanong. “Salamat,” sabi ni Jane sa akin.

Napangiti naman ako sa kanya.

Umalis na lang ako at next time ko na siya kukulitin...
because I find her interesting.